



Pagpapalano at Pagpapaunlad ng Komunidad ng Island County

Mary Engle, Director

Pisikal na Address: 1 NE 6th St, Coupeville, WA 98239 Mailing Address: 1 NE 7th St, Coupeville, WA 98239

Ph: Whidbey 360-679-7339 | Camano 360-387-3443 | Fax: 360-679-7306

Email: PlanningDept@islandcountywa.gov | <https://www.islandcountywa.gov/207/Planning-Community-Development>

INTERNASYONAL NA KODIGO SA TIRAHAN SA 2021-PAGBUBUKOD SA TRABAHO MULA SA PERMISO

R105.2 Pagbubukod sa trabaho mula sa permiso. Ang pagbubukod sa mga kinakailangan ng permiso ng kodigo na ito ay hindi dapat ituring na nagbibigay ng pahintulot para sa anumang gawaing isasagawa sa anumang paraan na lumalabag sa mga probisyon ng kodigo na ito o anumang iba pang batas o ordinansa ng hurisdiksyon na ito. Hindi kailangan ang mga Permiso sa Pagtatayo ng Gusali para sa mga sumusunod:

Gusali:

1. Maliban sa mga silungan sa panahon ng bagyo, isang palapag ng mga nakahiwalay na karagdagang istruktura, sa kondisyong hindi lalampas sa 200 kuwadrangong talampakan (18.58 m²) ang sukat ng sahig.
2. Mga bakod na hindi lalampas sa 7 talampakan (2134 mm) ang taas.
3. Ang mga retaining wall na hindi lalampas sa 4 na talampakan (1219 mm) ang taas na sinukat mula sa ilalim ng tapakan hanggang sa tuktok ng pader, maliban kung sumusuporta sa dagdag na bigat.
4. Ang mga tangke ng tubig na direktang sinusupportahan sa grado kung hindi lalampas sa 5,000 galon (18,927 L) ang kapasidad at hindi lalampas sa 2 hanggang 1 ang ratio ng taas sa diameter o lapad.
5. Mga bangketa at daanan ng sasakyan.
6. Pagpipintura, paglalagay ng wallpaper, paglalagay ng tiles, paglalagay ng carpet, mga kabinet, mga counter top at katulad na gawain sa pagtatapos.
7. Mga paunang ginawang swimming pool na mas mababa sa 24 na pulgada (610 mm) ang lalim.
8. Mga duyan at iba pang kagamitan sa palaruan.
9. Mga awning ng bintana na sinusupportahan ng panlabas na pader na hindi lalampas sa higit 54 na pulgada (1372 mm) mula sa panlabas na pader at hindi nangangailangan ng karagdagang suporta.
10. Ang mga deck na hindi lalampas sa 200 kuwadrangong talampakan (18.58 m²) ang sukat, na hindi lalampas sa 30 pulgada (762 mm) sa itaas ng grado sa anumang punto, ay hindi nakakabit sa isang tirahan at hindi nakalagay sa pintuang palabas na kinakailangan ng Seksyon R311.4.

Gas:

1. Mga portable na appliance sa pagpapainit, pagluluto o pagpapatuyo ng damit.
2. Pagpapalit ng anumang maliit na bahagi na hindi binabago ang pag-apruba ng kagamitan o ginagawang hindi ligtas ang naturang kagamitan.
3. Mga portable-fuel-cell na appliance na hindi nakakonekta sa isang nakapirming sistema ng mga tubo at hindi nakakabit sa grid ng kuryente.

Mekanikal:

1. Mga portable na appliance sa pagpapainit.
2. Mga portable na appliance sa bentilasyon.
3. Mga portable na yunit sa pagpapalamig.
4. Mga tubo ng singaw, mainit o malamig na tubig sa loob ng anumang kagamitan sa pagpapainit o pagpapalamig na kinokontrol ng kodigo na ito.
5. Pagpapalit ng anumang maliit na bahagi na hindi binabago ang pag-apruba ng kagamitan o ginagawang hindi ligtas ang naturang kagamitan.
6. Mga portable na evaporative cooler.
7. Mga may sariling sistema ng pagpapalamig na naglalaman ng 10 libra (4.54 kg) o mas kaunti ng refrigerant o pinapaandar ng mga motor na 1 horsepower (746 W) o mas mababa.
8. Mga portable-fuel-cell na appliance na hindi nakakonekta sa isang nakapirming sistema ng mga tubo at hindi nakakabit sa grid ng kuryente.

Pagtutubero:

1. Ang pagpapahinto ng mga pagtagas sa mga paagusan, tubig, lupa, basura o vent ng tubo; ayon sa kondisyon, gayunpaman, na kung ang anumang concealed trap, tubong paagusan, tubig, lupa, basura o vent ng tubo ay nagkaroon ng depekto at kailangang tanggalin at palitan ito ng bagong materyales, dapat ituring na bagong trabaho ang naturang gawain at dapat kumuha ng permiso at gagawin ang inspeksyon tulad ng nakasaad sa kodigo na ito.
2. Ang pagtanggap sa mga nakabara o ang pagkukumpuni ng mga tagas sa mga tubo, balbula o nakakabit, at ang pag-aalis at muling paglalagay ng mga water closet, sa kondisyong ang mga naturang pagkukumpuni ay hindi kasangkot ang o nangangailangan ng pagpapalit o muling pagsasaayos ng mga balbula, tubo o nakakabit.

R105.2.1 Mga pang-emergency na pagkukumpuni. Kung kailangang gawin ang pagpapalit at pagkukumpuni ng kagamitan sa isang pang-emergency na sitwasyon, dapat isumite ang aplikasyon ng permiso sa loob ng susunod na araw ng trabaho sa opisyal ng pagtatayo ng gusali.